Filipino general flu resource 2021

Ang Influenza o “trangkaso” ay maaaring matagpuan saanman. Ito ay madaling makuha sa pamamagitan ng mga pag-ubo at pagbahin. Ang trangkaso ay mas masahol pa sa sipon.

Ang ilang mga tao ay mas malamang na lubhang magkakasakit kapag sila ay may trangkaso. Ito ay ang mga bata, sanggol, buntis na kababaihan at matatanda. Gayundin ang mga taong may ilang sakit kagaya ng hika o diyabetis.

Ang ilang mga taong may trangkaso ay kailangan manatili sa ospital nang panandalian. May ilang taong namamatay dahilan sa trangkaso.

Maraming mga tao ang hindi nalalamang sila ay nagkaroon ng trangkaso dahil hindi sila nakaramdam ng pagkasakit. Ngunit maaari pa rin nilang ipasa ito at hawaan ang iba pang mga tao.

Ang pinakamahusay na paraan upang maprotektahan ang iyong sarili ay sa pamamagitan ng pagpapabakuna sa trangkaso bawat taon. Ang bakuna ay tumutulong sa iyong katawan na protektahan ang sarili mula sa trangkaso. Pinoprotektahan mo ang iyong sarili, ang iyong pamilya at ang mga tao sa iyong paligid kung ikaw ay magpabakuna.

- Ang pagpapabakuna ay LIBRE sa mga taong 65 taong gulang pataas.
- Ang pagpapabakuna ay LIBRE para sa mga buntis.
- Ang pagpapabakuna ay LIBRE para sa sinumang nasa ilalim ng edad 65 na mayroong diyabetis, karamihang mga kondisyon sa puso o baga at ilan pang mga sakit.
- Ang bakuna sa trangkaso ay LIBRE para sa mga batang wala pang 5 taon gulang na nanatili sa ospital dahilan sa hika o iba pang mga problema sa paghinga.
- Magtanong sa iyong doktor o nars tungkol sa pagpapabakuna ngayong araw. Maaaring LIBRE ito para sa iyo.
- Hikayatin ang iyong whanau na maaaring magpabakuna ng libre na magpatingin sa kanilang doktor o nars.
- Ang pagkakaroon ng malakas at malusog na pangangatawan ay hindi nangangahulagang hindi ka magkakatrangkaso.
- Hindi ka magkakatarangkaso dahilan sa bakuna.
- Kailangan mong magpabakuna bago ang taglamig ng bawat taon para sa pinakamahusay na proteksyon.

fightflu.co.nz
0800 466 863

The Immunisation Advisory Centre

MINISTRY OF HEALTH
MANATŪ HAUORA

Treasure our Whānau

APRIL 2021